



Iginagalang ng TriMet ang Mga Karapatang Sibil

Isinasagawa ng TriMet ang mga programa nito nang walang pagtatangi sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, sekswal na oryentasyon, marital status, edad o kapansanan alinsunod sa naaangkop na batas.

Pahayag ng Patakaran ng Title VI ng TriMet

Isinasaad sa Title VI ng Civil Rights Act of 1964 na:

“Walang tao sa Estados Unidos ang dapat, sa mga batayan ng lahi, kulay o bansang pinagmulan, na ibukod sa pagsali sa, tanggihan ng mga benepisyo ng, o madiskrimina sa ilalim ng anumang programa o aktibidad na nakakatanggap ng Pederal na pinasyal na tulong.”

Nakatuon ang TriMet sa pagsunod sa mga inaatas ng Title VI sa lahat ng pederal na pinopondohang programa at aktibidad nito. Upang humiling ng karagdagang impormasyon sa mga inaatas sa hindi pagdidiskrimina ng Title VI ng TriMet, tawagan kami sa **503-238-7433** (TTY 7-1-1) o mag-email sa **administration@trimet.org**.

Paggawa ng reklamo sa Title VI

Ang sinumang taong naniniwalang nalabag siya ng isang labag sa batas na kasanayang nandidiskrimina sa ilalim ng Title VI ay maaaring maghain ng reklamo sa TriMet. Ang anumang ganoong reklamo ay dapat pasulat at ihain sa TriMet sa loob ng 180 araw kasunod ng petsa ng sinasabing pangyayaring pagdidiskrimina. Para sa impormasyon sa kung paano maghain ng reklamo, makipag-ugnayan sa TriMet sa pamamagitan ng alinman sa mga pamamaraan sa ibaba.

TriMet
Civil Rights Investigator
1800 SW 1st Avenue, Suite 300
Portland, OR 97201

Telepono: **503-962-2217**
Fax: **503-962-2283**
Email: **administration@trimet.org**

Maaari kang magsampa ng reklamo mismo sa Pangasiwaan ng Federal Transit sa Office of Civil Rights, Attention: Title VI Program Coordinator, East Building, 5th Floor-TCR, 1200 New Jersey Ave., SE, Washington, D.C. 20590.



Pamamaraan sa Pagrereklamo ng Title VI

Ang sinumang taong naniniwalang nalabag siya ng isang labag sa batas na kasanayang nandiskrimina batay sa lahi, kulay o bansang pinagmulan ng TriMet ay maaaring maghain ng reklamo sa pamamagitan ng pagkumpleto at pagsusumite sa form para sa Pagrereklamo ng Title VI ng TriMet.

Iniimbestigahan ng TriMet ang mga reklamong natatanggap nang hindi lalagpas ng 180 araw pagkatapos ng sinasabing insidente. Ipoproseso ng TriMet ang mga reklamong kumpleto. Kapag natanggap ang isang nakumpletong reklamo, susuriin ito ng TriMet upang tukuyin kung may hurisdiksyon ang TriMet. Makakatanggap ang nagrereklamo ng isang liham sa pagbibigay-alam ng pagkatanggap na nagpapaalam sa kanya kung iimbestigahan ng TriMet ang reklamo.

Karaniwang tatapusin ng TriMet ang isang imbestigasyon sa loob ng 90 araw pagkatanggap ng isang nakumpletong form para sa pagrereklamo. Kung mangangailangan ng karagdagang impormasyon upang lutasin ang kaso, maaaring makipag-ugnayan ang TriMet sa nagrereklamo. Maliban kung may tinukoy na mas mahabang panahon ang TriMet, mayroong sampung (10) araw ang nagrereklamo mula sa petsa ng liham upang ipadala ang hinihiling na impormasyon sa tagapagsiyasat ng TriMet na nakatalaga sa kaso.

Kung hindi makikipag-ugnayan ang nagrereklamo sa tagapagsiyasat ng TriMet o hindi matatanggap ng tagapagsiyasat ang karagdagang impormasyon sa loob ng takdang panahon, maaaring administratibong isara ng TriMet ang kaso. Maaari ring administratibong isara ang isang kaso kung hindi na gusto ng nagrereklamo na ituloy ang kanyang kaso.

Pagkatapos makumpleto ang isang imbestigasyon, magbibigay ang TriMet ng liham sa nagrereklamo na nagbubuod sa mga resulta ng imbestigasyon, nagsasaad sa mga napag-alaman at nagpapayo ng anumang pagkilos sa pagwawasto na dapat gawin bilang isang resulta ng imbestigasyon. Kung hindi sasang-ayon ang isang nagrereklamo sa pasya ng TriMet, maaari siyang humiling ng muling pagsasaalang-alang sa pamamagitan ng pagsusumite ng kahilingan sa pagsulat sa General Manager ng TriMet sa loob ng pitong (7) araw pagkatapos ng petsa ng liham ng TriMet, na partikular na isinasaad ang batayan para sa muling pagsasaalang-alang. Aabisuhan ng General Manager ang nagrereklamo sa kanyang desisyong tanggapin o tanggihan ang kahilingan sa muling pagsasaalang-alang sa loob ng 10 araw. Sa mga sitwasyon kung saan inaprubahan ang muling pagsasaalang-alang, magbibigay ang General Manager ng liham ng pasya sa nagrereklamo sa pagtatapos ng pagsusuri sa muling pagsasaalang-alang.



Form para sa Mga Reklamo ng Pamagat VI *

Inaatas ng Title VI ng 1964 Civil Rights Act na “Walang tao sa Estados Unidos ang dapat, sa batayan ng lahi, kulay o bansang pinagmulan, na ibukod sa pagsali sa, tanggihan ng mga benepisyo ng, o madiskrimina sa ilalim ng anumang programa o aktibidad na nakakatanggap ng pederal na pinasyal na tulong.”

Kinakailangan ang sumusunod na impormasyon upang tulungan kami sa pagproseso sa iyong reklamo. Kung mangangailangan ka ng anumang tulong sa pagsagot sa form na ito o ng impormasyon sa mga alternatibong format, mangyaring ipaalam sa amin.

Kumpletuhin at ibalik ang form na ito sa TriMet, Civil Rights Investigator, 1800 SW 1st Ave., Suite 300, Portland, OR 97201.

1. Pangalan ng Nagrereklamo: _____

2. Address: _____

3. Lungsod: _____ Estado: _____ Zip Code: _____

4. Numero ng Telepono (bahay): _____ (negosyo): _____

Electronic Mail Address: _____

5. Inihahain mo ba ang reklamong ito sa sarili mong ngalan? _____

Kung hindi, pakibigay ang pangalan at kaugnayan ng tao kung para kanino ka nagrereklamo:

Pakipaliwanag kung bakit ka naghain para sa isang third party:

Pakikumpirmang nakuha mo ang pahintulot ng nalabag na partido kung naghahain ka sa ngalan ng isang third party. _____

6. Alin sa sumusunod ang pinakanaglalarawan sa dahilang pinapaniwalaan mong nagdulot sa pandidiskrimina? Dahil ba ito sa iyong (lagyan ng check ang anumang kahong naaangkop):

a. Lahi:

b. Kulay:

c. Bansang Pinagmulan:

7. Sa anong petsa nangyari ang sinasabing pandidiskrimina? _____

8. Sa sarili mong salita, ilarawan ang sinasabing pandidiskrimina. Ipaliwanag kung ano ang nangyari at anong patakaran, programa, aktibidad o sinong tao ang pinapaniwalaan mong nandidiskrimina.

9. Inihain mo na ba ang reklamong ito sa anumang iba pang pederal na ahensya, ahensya ng estado o lokal na ahensya, o sa anumang pederal na korte o korte ng estado?

Oo: Hindi:

Kung oo, lagyan ng check ang bawat kahong naaangkop:

Pederal na ahensya: Pederal na korte: Ahensya ng estado:

Korte ng estado: Lokal na ahensya:

10. Mangyaring magbigay ng impormasyon tungkol sa isang contact na tao sa ahensya/korte kung saan inihain ang reklamo.

Pangalan: _____

Address: _____

Lungsod: _____ Estado: _____ Zip Code: _____

Numero ng Telepono: _____

11. Mangyaring lumagda sa ibaba. Maaari kang maglakip ng anumang mga nasusulat na materyales o iba pang impormasyon na sa palagay mo ay may kaugnayan sa iyong reklamo.

Lagda ng Nagrereklamo

Petsa